

LEARNING STRAND 1 KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO

PATNUBAY NG GURO PARA SA MODYUL 4:
MAGPAPADALA KA BA SA AGOS O LALABANAN MO ITO?

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School



PATNUBAY NG GURO

Alternative Learning System - Accreditation and Equivalency (ALS-A&E)

JUNIOR HIGH SCHOOL: KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO
PATNUBAY NG GURO PARA SA MODYUL 4
(MAGPAPADALA KA BA SA AGOS O LALABANAN MO ITO?)

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School
Learning Strand 1: Kasanayang Pangkomunikasyon sa Filipino
Modyul 4: Magpapadala ka ba sa Agos o Lalabanan mo Ito?

Inilimbag ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization
UNESCO Office, Jakarta taong 2020
Jalan Galuh II No. 5, Kebayoran Baru, Jakarta, Indonesia

and

Kagawaran ng Edukasyon
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

Karapatang sipi © UNESCO and DepEd 2020

Ang publikasyon na ito ay magagamit sa ilalim ng Attribution-Share Alike 3.0 IGO (CC-BY-SA) 3.0 IGO) license (<http://creativecommons.org/licenses/by-sa/3.0/igo/>). Kaakibat ng paggamit ng nilalaman ng publikasyon ito, ang mga gumagamit ay tatanggapin ang mga tuntunin sa paggamit ng UNESCO Open Access Repository (<http://www.unesco.org/open-access/terms-use-ccbysa-en>).

Ang lahat ng materyal na ipinisinta sa kabuoan ng publikasyon na ito ay hindi nagpapahiwatig at nagpapahayag ng anomang opinyon ng kahit na sinomang parte ng UNESCO sa usapin ng legal na katayuan ng anomang bansa, teritoryo, lungsod o lugar, mga awtoridad nito, o kahit na ang mga hangganan nito.

Ang pagpili ng mga materyal at opinyon na nakapaloob sa publikasyon ay responsibilidad ng mga manunulat at hindi ng UNESCO.

Ang modyul na ito ay ginawa at inilimbag para sa proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” na may suportang pampinansiyal mula sa Korea International Cooperation Agency.

Inilimbag ng APC Printers Corporation
Inilimbag sa Makati City, Philippines

ISBN 888-888-8888-88-8

DEVELOPMENT TEAM



Jenelyn Marasigan Baylon	Master Teacher I, ALS Task Force (On-detail)
Kristine Lee S. Lumanog	Education Program Specialist II, ALS Task Force (On-detail)
Judy R. Mendoza	Project Development Officer III, Bureau of Learning Resources
Reyangie V. Sandoval	Education Program Specialist II, Bureau of Learning Resources
Josephine C. Intino	Senior Education Program Specialist, Bureau of Curriculum Development
Eric U. Labre	Senior Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Roderick P. Corpuz	Supervising Education Program Specialist, ALS Task Force
Daisy Asuncion O. Santos	Chief Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Marilette R. Almayda	Director III/Head, ALS Task Force
Ariz Delson Acay D. Cawilan	Officer-In-Charge, Office of the Director IV, Bureau of Learning Resources
G. H. S. Ambat	Assistant Secretary for Alternative Learning System Program and Task Force
Tonisito M. C. Umali	Undersecretary for Legislative Liaison Office, External Partnership Service and Project Management Service
Leonor Magtolis Briones	Secretary



Nanette Amongol	Author
Chinita Ann Francisco	Content Expert
Bernadette Sison	Admin and Finance Staff
Mildred Parbo	Project Lead
Ma. Teresita Medado	President

Content and Language Evaluators and Instructional Design Reviewer

Joselito D. Daguison	Schools Division Office of Pangasinan I, Department of Education
Mary Ann C. Macaranas	Pangasinan State University
Rechie O. Salcedo	Schools Division Office of Iriga City, Bicol Region, Department of Education



United Nations
Educational, Scientific and
Cultural Organization

Ade Sandra	Admin and Finance Assistant
Rusyda Djamhur	Project Assistant
Marmon Abutas Pagunsan	National Project Consultant
Remegio Alquitran	National Project Officer
Maria Karisma Bea Agarao	National Programme Coordinator
Mee Young Choi	Head of Education Unit
Shahbaz Khan	Director and Representative

Gabay sa Gagamit

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa Learning Strand 1 Filipino ng Alternative Learning System (ALS) Junior High School Modyul para sa araling Magpapadala ka ba sa Agos o Lalabanan mo Ito?

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang, at sinuri ng mga edukador mula sa pampublikong guro sa paaralan at ALS at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang guro tagapagdaloy, upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng ALS Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan, at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral sa ALS.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis, at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang guro/tagapagpadaloy sa ALS, inaasahan na maipaliwanag sa mga mag-aaral ang paggamit ng modyul na ito. Kinakailangan din na masubaybayan ang paglago ng mag-aaral sa kanilang pamamahala sa sariling pagkatuto. Higit sa lahat inaasahan din na iyong hihikayatin at gagabayan ang mga mag-aaral sa mga gawaing nakapaloob sa modyul na ito.

Sa modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

- Naisusulat ang isang sanaysay na naglalalahad ng sariling pananaw tungkol sa napapanahong isyu o paksa (LS1CS/FIL-PU-PPE-JHS-25)
- Naibibigay ang sariling pananaw o opinyon batay sa binasang anyo ng sanaysay (talumpati o editorial) (LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-60)
- Nabibigyang-puna ang mga nababasa sa mga social media (pahayagan, TV, Facebook, email at iba pa) (LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-61)
- Nagagamit ang salitang kilos o pandiwa sa: Pagsasalaysay ng mga personal na karanasan (LSCS/FIL-PS-PPB-BL/MB-19)
- Nagagamit nang wasto ang mga pang-ukol (LS1CS/FIL-PS-PPB-MB-24)

Nahahati sa tatlong aralin ang modyul na ito:

Aralin 1: Paglalahad Ng Sariling Pananaw/Opinyon/Paninidigan/Emosyon Mungkahi

Aralin 2: Pagbibigay-puna o Pagpapahayag ng Opinyon

Aralin 3: Paggamit ng Pandiwa Bilang Aksiyon, Pangyayari, at Karanasan

Paunang Pagtataya: Ipasagot sa mga mag-aaral ang Subukin Mo na matatagpuan sa pahina 2 hanggang 4. Ipaliwanag ang mga panuto upang masagutan nila ito nang wasto.

Huling Pagtataya: Pagkatapos ng Aralin 1 hanggang Aralin 3, ipasagot sa mga mag-aaral ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina 42 hanggang 46.

Paglalahad ng Sariling Pananaw/Opinyon/ Paninindigan/Emosyon/Munghaki Gabay sa Sesyon: Aralin 1

I. Layunin

1. Naisusulat ang isang sanaysay na naglalahad ng sariling pananaw tungkol sa napapanahong isyu o paksa
2. Naipapahayag o nailalahad nang malinaw at maayos ang sariling ideya/damdamin o reaksiyon/opinyon/saloobin tungkol sa isyu.

II. Paksa

- A. **Aralin 1:** Paglalahad ng Sariling Pananaw/Opinyon/Paninindigan/Emosyon/Mungkahi
- B. **Kagamitan:** Mga larawan o *slides* na naglalaman ng talakayan at *projector*

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Pagganyak

Magpakita ng slides na naglalaman ng mga “comments” na nag-viral mula sa Facebook, Instagram, at iba pa.

Maaaring itanong ang sumusunod:

*Ano-ano ang karaniwang makikita sa ganitong mga komentaryo?
Tulad ka rin ba nila na mahilig magpahayag ng sariling opinyon o saloobin?*

Pag-usapan ang sagot ng mga mag-aaral.

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Ipabasa ang isang ulat/sanaysay sa pahina 7 na nagpapakita ng pananaw/reaksiyon/opinyon/puna tungkol sa isang isyu.

Maaaring itanong ang sumusunod:

Ano-ano ang mga pahayag na nagsasaad ng pananaw/reaksiyon/opinyon/puna sa binasa mong sanaysay/editorial?

Sang-ayon ka ba sa saloobin o pananaw na isinulat niya? Alin ang katulad at salungat sa iyong sariling saloobin o pananaw?

2. Pagtatalakayan

- a. Ipakitang muli ang mga pahayag na ginagamit sa ulat/sanaysay na nagpapakita ng reaksiyon, puna, o saloobin.

Ayon sa DOH, ang pagkalulong sa bawal na droga ay talaga namang nakasisira ng buhay.

Sa aking pananaw, ako ay hindi pabor sa parusang kamatayan dahil ang lahat ng tao ay may karapatang mabuhay at magbagong buhay

Maaaring itanong sa mga mag-aaral ang sumusunod:

Ano ang pahayag na ginagamit kapag ang iyong pananaw, reaksiyon, o saloobin ay may pinagmulan?

At sa paniniwalang walang matibay na patunay? Sang-ayon ka rin ba sa kanilang opinyon?

Ano naman ang pahayag na ginagamit sa paghahambing ng konsepto? Pag-iiba ng pananaw?

- b. Ipabasa ang iba't ibang kahulugan at sangkap ng sanaysay sa pahina 9.
- c. Ibigay ang iba pang halimbawa ng mga isinulat na maikling puna, reaksiyon, at pananaw.
- d. Talakayin ang iba't ibang pang-ukol na ginagamit sa paglalahad ng sariling pananaw/opinyon/paninindigan/emosyon/mungkahi.
- e. Ipakita ang ilang larawan sa modyul na nasa pahina 7. Papiliin ang mga mag-aaral kung anong isyu ang nais nilang gawan ng isang sanaysay sa patnubay ng guro.

3. **Paglalahat**

Itanong: Paano isinusulat ang isang sanaysay na nagpapahayag ng sariling reaksiyon/opinyon/puna sa isang isyu?

4. **Pagpapahalaga**

Ipabasa ang sanaysay sa pahina 17 at ipasulat ang sarili nilang pananaw o opinyon gamit ang mga pang-ukol sa tulong ng rubrik sa pahina 19.

5. **Paglalapad**

Ipagawa sa mag-aaral ang Gawain II na matatagpuan sa pahina 20. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel. Talakayin din sa kanila ang rubrik sa pagsulat ng sariling pananaw na matatagpuan sa pahina 24.

IV. **Pagtataya**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang “Isagawa” na matatagpuan sa pahina 25. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel. Ipagamit ang rubrik sa pahina 25 bilang gabay sa kanilang pagsulat.

V. **Karagdagang Gawain**

Panuto: Magbigay ng mga halimbawa ng mga pahayag na gumagamit ng mga hudyat na: Ayon sa, sa paniniwala ng, batay sa, sa paningin ng, sang-ayon ako, sa paniniwala ko, para sa, sa tingin ko, sa isang banda.

Mga Hudyat ng Pagsang-ayon at Pagsalungat Gabay sa Sesyon: Aralin 2

I. Layunin

1. Nabibigyang-puna ang mga nababasa sa mga social media (pahayagan, TV, Facebook, e-mail at iba pa) (LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-61)
2. Naisusulat ang isang sanaysay na naglalalahad ng sariling pananaw tungkol sa napapanahong isyu o paksa (LS1CS/FIL-PU-PPE-JHS-25)

II. Paksa

- A. **Aralin 2:** Mga Hudyat ng Pagsang-ayon at Pagsalungat
- B. **Kagamitan:** *Slides* na naglalaman ng paksang tatalakayin, *projector*, Kopya ng modyul, *ballpen*, at malinis na papel o kuwaderno

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral

Pag-usapan ang nakaraang aralin. Hayaang magbahagi ng kanilang natutuhan ang mga mag-aaral. Maaari ring ipabuod sa mga mag-aaral ang mga natalakay.

Pakinggan ang sagot ng mga mag-aaral sa ibinigay na Karagdagang Gawain.

2. Pagganyak

Maaaring magpakita ang guro ng mga slides na naglalaman ng mga patok-na patok na isyu sa facebook. Pag-usapan ito at tanungin ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa isyu.

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Ipagpatuloy lamang ang pagtatanong sa mga mag-aaral ng kanilang mga opinyon at pananaw hinggil sa mga napapanahong isyu. Maaari ring ipabasa sa klase ang balita na nasa “Tuklasin” na

matatagpuan sa pahina 27 hanggang 28 at tanungin ang kanilang opinyong hinggil dito.

2. **Pagtatalakayan**

Talakayin ang sumusunod na punto:

- a. Mga pahayag na ginagamit kung ang isang tao ay sumasang-ayon sa isa pang pahayag
- b. Mga pahayag na ginagamit kung ang isang tao ay sumasalungat sa isa pang pahayag
- c. Kahulugan ng posisyong papel
- d. Paggawa ng posisyong papel

3. **Paglalahat**

Isagawa ang paglalahat sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga mag-aaral ng kanilang naunawaan sa talakayan.

Itanong:

- a. Ano-ano ang mga pahayag na ginagamit ng isang tao kapag siya ay sumasang-ayon o sumasalungat sa isa pang pahayag?
- b. Ano ang kahulugan ng posisyong papel?
- c. Ano-ano ang mga proseso o dapat isaalang-alang sa pagbuo ng posisyong papel?

4. **Pagpapahalaga**

Ipagawa sa mag-aaral ang Gawain I na matatagpuan sa pahina 32. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel. Maaari mo ring talakayin ang rubrik na makikita sa kaparehong pahina nang sa gayon ay magabayan sila sa pagbuo ng kanilang gawain.

PATNUBAY NG GURO 2

RUBRIK SA PAGBIBIGAY NG PUNA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NAGAMIT ANG MGA HUDYAT NG PAGBIBIGAY NG PANANAW O OPINYON	Napakahusay dahil nagamit nang wasto ang mga hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	May kahinaan dahil nagamit nang tama ang mga hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	Walang ginamit na hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	
MAY PANININDIGAN SA NAGING PANANAW AT MALINAW ANG TUNGUHIN KUNG ITO BA AY SANG-AYON O DI SANG-AYON	Napakahusay dahil maayos na nailahad ang pananaw, at naging malinaw ang panig kung sang-ayon o di sang-ayon	May kahinaan dahil bagaman nakapagbigay ng panig ay may kalabuan pa rin ang tunguhin kung ito ay sang-ayon o di sang-ayon	Hindi nailahad nang maayos ang panig	
KABUOAN (10 PUNTOS)				

5. Paglalapat

Ipagawa sa mag-aaral ang Gawain II na matatagpuan sa pahina 33. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel. Maaari mo ring talakayin ang rubrik na makikita sa kaparehong pahina nang sa gayon ay magabayan sila sa pagbuo ng kanilang gawain.

PATNUBAY NG GURO 2

RUBRIK SA PAGBIBIGAY NG PUNA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NAGAMIT ANG MGA HUDYAT NG PAGBIBIGAY NG PANANAW O OPINYON	Napakahusay dahil nagamit nang wasto ang mga hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	May kahinaan dahil nagamit nang tama ang mga hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	Walang ginamit na hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	
MAY PANININDIGAN SA NAGING PANANAW AT MALINAW ANG TUNGUHIN KUNG ITO BA AY SANG-AYON O DI SANG-AYON	Napakahusay dahil maayos na nailahad ang pananaw, at naging malinaw ang panig kung sang-ayon o di sang-ayon	May kahinaan dahil bagaman nakapagbigay ng panig ay may kalabuan pa rin ang tunguhin kung ito ay sang-ayon o di sang-ayon	Hindi nailahad nang maayos ang panig	
KABUOAN (10 PUNTOS)				

IV. Pagtataya

Ipabasa ang teskto tungkol sa usaping panliligalig na seksuwal na nasa pahina 34 hanggang 35. Magpasulat ng isang posisyong papel tungkol dito. Ipagamit ang rubrik sa pahina 34 bilang pamantayan sa pagsulat. Ipalagay sa isang malinis na papel ang sagot.

Posisyon: Sang-ayon at sumusuporta/Hindi Sang-ayon at hindi sumusuporta.

PATNUBAY NG GURO 2

RUBRIK SA PAGBUO NG SANAYSAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NAGAMIT ANG MGA HUDYAT NG PAGBIBIGAY NG PANANAW O OPINYON	Napakahusay dahil nagamit nang wasto ang mga hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	May kahinaan dahil nagamit nang tama ang mga hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	Walang ginamit na hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	
MAY PANININDIGAN SA NAGING PANANAW AT MALINAW ANG TUNGUHIN KUNG ITO BA AY SANG-AYON O DI SANG-AYON	Napakahusay dahil maayos na nailahad ang pananaw, at naging malinaw ang panig kung sang-ayon o di sang-ayon	May kahinaan dahil bagaman nakapagbigay ng panig ay may kalabuan pa rin ang tunguhin kung ito ay sang-ayon o di sang-ayon	Hindi nailahad nang maayos ang panig	
KABUOAN (10 PUNTOS)				

V. Karagdagang Gawain

Panuto: Magpahanap ng isang napapanahong isyu sa social media at magpagawa ng isang sanaysay na tatalakay sa kanilang panig sa isyu gamit ang mga hudyat na tinalakay sa aralin. Ipasulat ang sanaysay sa isang malinis na papel.

Paggamit ng Pandiwa Bilang Aksiyon, Pangyayari, at Karanasan Gabay sa Sesyon: Aralin 3

I. Layunin

1. Nagagamit ang salitang kilos o pandiwa sa pagsasalaysay ng mga personal na karanasan (LSCS/FIL-PS-PPB-BL/MB-19)

II. Paksa

- A. **Aralin 3:** Paggamit ng Pandiwa Bilang Aksiyon, Pangyayari at Karanasan
- B. **Kagamitan:** *Slide* na naglalaman ng tatalakaying paksa, *projector*, Kopya ng modyul, *ballpen*, at malinis na papel o kuwaderno

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral

Talakayin sa mga mag-aaral ang ilan sa mga mahahalagang punto sa pangalawang aralin.

Itanong:

- a. Ano-ano ang mga pahayag na ginagamit ng isang tao kapag siya ay sumasang-ayon o sumasalungat sa isa pang pahayag?
- b. Ano ang kahulugan ng posisyong papel?
- c. Ano-ano ang mga proseso o dapat isaalang-alang sa pagbuo ng posisyong papel


Maaari ring talakayin ang kanilang mga naging kasagutan sa karagdagang gawain.

2. Pagganyak

Maaaring magpalaro ang guro ng tinatawag nating
“Bahay, Tao, Bagyo”

Narito ang mekaniks ng laro:

- a. Ang mga mag-aaral ay hahatiin sa tig-tatlong grupo
- b. Ang isa ay ang magiging tao, at ang dalawa naman ay ang bahay na kanilang gagawin sa pamamagitan ng paggaya sa hugis ng bubong gamit ang kanilang braso. Maaaring pagbasehan ang larawan para sa lubos na pang-unawa.
- c. Ang guro ang siyang magiging taga-dikta at pipili kung saan hihinto ito ba ay sa “tao”, “bahay”, o “bagyo”
- d. Kapag ang gurong tagapangasiwa ay tumigil sa salitang “Tao” ang lahat ng mga “tao” na nasa loob ng bahay ay maghahanap ng panibagong bahay (sila lamang ang gagalaw) at kung sino man ang tao na hindi nakahanap ng “bahay” ay siya ang magiging panibagong taya o magiging tagapangasiwa. Kapag naman tumigil sa salitang “bahay” ang mga bahay naman ang hahanap ng panibagong kapares upang makabuo ng panibagong bahay at kung sino man ang hindi naging matagumpay sa paghahanap ng kapares siya na naman ang panibagong taya. At kapag sinabi namang “bagyo” ang lahat ng ay may kalayaang pumili kung sila ba ay magiging tao o bahay.



Pagkatapos ng laro maaaring itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:

- Ano-ano ang mga nabuong aksiyon habang kayo ay naglalaro?
- Ano-ano ang mga nangyari habang kayo ay naglalaro?
- Ano-ano ang inyong naging karanasan kanina habang kayo ay naglalaro?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Ipabasa ang salaysay na pinamagatang “Realidad” sa pahina 38 hanggang 39.

Itanong:

- *Ano ang naging reaksiyon mo pagkatapos mong mabasa ang salaysay?*
- *Ano sa inyong palagay ang tawag sa mga salitang nasalungguhitan?*

Maaaring gamitin ng gurong tagapangasiwa bilang lunsaran ang aralin ang nangyaring paglalaro sa pagganyak sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga sumusunod:

- *Kapag naririnig niyo ang salitang pandiwa, ano ang inyong naiisip?*
- *Ano-ano ang kilos na inyong ginawa habang kayo ay naglalaro?*

2. Pagtatalakayan

Talakayin ang sumusunod na punto:

- Kahulugan ng Pandiwa
- Kahulugan, halimbawa, at aktor ng pandiwa bilang aksiyon
- Kahulugan, halimbawa, at aktor ng pandiwa bilang karanasan
- Kahulugan, halimbawa, at aktor ng pandiwa bilang pangyayari

3. Paglalahat

Isagawa ang paglalahat sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga mag-aaral ng kanilang naunawaan sa talakayan.

- Ano ang kahalagahan ng pandiwa?
- Ano ang kahulugan, halimbawa, at aktor ng pandiwa bilang aksiyon ?
- Ano ang kahulugan, halimbawa, at aktor ng pandiwa bilang karanasan?

PATNUBAY NG GURO 3

- d. Ano ang kahulugan, halimbawa, at aktor ng pandiwa bilang pangyayari?

4. Paglalapat

Ipagawa sa mga mag-aaral ang Gawain I na matatagpuan sa pahina 44. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipasulat ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel. Maaari mo ring talakayin ang rubrik na makikita sa kaparehong pahina nang sa gayon ay magabayan sila sa pagbuo ng kanilang gawain.

RUBRIK SA PAGBUO NG SANAYSAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
PAGGAMIT NG PANDIWA BILANG KARANASAN	Napakahusay dahil nagamit nang wasto ang pandiwa bilang karanasan	Mahusay dahil nagamit nang tama ang ilan sa mga pandiwa bilang karanasan	Hindi kinakitaan ng paggamit ng pandiwa bilang karanasan	
ORGANISASYON	Napakahusay dahil maayos at malinis ang pagkakalahad ng karanasan sa loob ng sanaysay	Hindi maayos at malinis ang pagkakalahad ng karanasan sa loob ng sanaysay	Hindi maayos at malinis ang pagkakalahad ng karanasan sa loob ng sanaysay	
KABUOAN (10 PUNTOS)				

5. Pagpapahalaga

Ipagawa sa mag-aaral ang Gawain II na matatagpuan sa pahina 45. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel. Maaari mo ring talakayin ang rubrik na makikita sa kaparehong pahina nang sa gayon ay magabayan sila sa pagbuo ng kanilang gawain.

PATNUBAY NG GURO 3

RUBRIK SA PAGBUO NG PANGUNGUSAP

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
PAGGAMIT NG MGA IBINIGAY NA SALITA SA PANGUNGUSAP	Napakahusay dahil nagamit nang wasto ang mga ibinigay na pandiwa	Mahusay dahil nagamit ang pandiwa ngunit hindi angkop sa pangungusap	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga ibinigay na pandiwa	
ORGANISASYON	Napakahusay dahil maayos at malinis ang pagkakalahad ng karanasan sa loob ng pangungusap	Hindi maayos at malinis ang pagkakalahad ng karanasan sa loob ng pangungusap	Hindi maayos at malinis ang pagkakalahad ng karanasan sa loob ng pangungusap	
KABUOAN (10 PUNTOS)				

IV. Pagtataya

Ipagawa sa mag-aaral ang Isagawa na matatagpuan sa pahina 46. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel. Maaari mo ring talakayin ang rubrik na makikita sa kaparehong pahina nang sa gayon ay magabayan sila sa pagbuo ng kanilang gawain.

RUBRIK SA PAGBUO NG SANAYSAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	ISKOR
KINAKITAAN NG PAGGAMIT NG PANDIWA BILANG KARANASAN	Napakahusay dahil nagamit at kinakitaan ng paggamit ng pandiwa bilang karanasan	Hindi kinakitaan ng paggamit ng pandiwa bilang karanasan	
MAAYOS AT MALINIS ANG PAGKAKALAHAD NG KARANASAN SA LOOB NG SANAYSAY	Napakahusay dahil maayos at malinis ang pagkakalahad ng karanasan sa loob ng sanaysay	Hindi maayos at malinis ang pagkakalahad ng karanasan sa loob ng sanaysay	
KABUOAN (10 PUNTOS)			

V. Karagdagang Gawain

Panuto: Magpasulat ng limang pangungusap na kakikitaan ng paggamit ng pandiwa ng aksiyon, karanasan, at pangyayari sa isang malinis na papel.

SUBUKIN NATIN

GAWAIN I

PAHINA 3

1. Para sa akin, malaking tulong ang online barter upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga kababayan. Patunay lamang ito na madiskarte ang mga Pinoy.
2. Hindi ko pa nararanasang makipag-online barter. Pero, ayon sa naririnig ko, nag-uusap sa text o messenger ang dalawang tao na gustong magpalitan ng mga produkto o anomang bagay. Kapag sila ay nagkasundo, saka sila magkikita o kaya ay ipapadala nila ang kanilang ibabarter.

(Maaaring magkaroon ng ibang sagot.)

GAWAIN II

1. Batay sa
2. Ayon kay
3. Aking palagay
4. Sa isang banda
5. Samantala

ARALIN 1: PAGLALAHAD NG SARILING PANANAW OPINYON/PANININDIGAN/EMOSYON/MUNGKAHI

LINANGIN

GAWAIN II

PAHINA 20

- | | |
|------|-------|
| 1. C | 6. A |
| 2. F | 7. D |
| 3. J | 8. I |
| 4. H | 9. E |
| 5. G | 10. B |

ARALIN 2: PAGBIBIGAY-PUNA O PAGPAPAHAYAG NG OPINYON

LINANGIN

GAWAIN I

PAHINA 32

1. Hindi ako naniniwala sa pahayag na walang piniiling edad, lugar, o panahon ang pagmamahal dahil paano kung napakabata pa ng dalawang nagmamahalan. Posibleng nadadala lamang sila sa bugso ng kanilang damdamin. Para sa akin, ang tunay na pag-ibig ay nasa tamang edad, lugar at panahon. Iyong matatag na ang emosyon at handa nang humarap ang dalawang nagmamahalan sa mga pagsubok na maaari nilang pagdaanan.
2. Tunay nga na ang pamilya ang pundasyon ng lipunan. Talagang mahalaga ang pamilya sa pagkakaroon ng matatag na lipunan. Kung ang isang pamilya ay magulo at watak-watak, magiging magulo rin ang kinabibilangan nitong lipunan. Pero, hindi ako sang-ayon ang ina ang siyang may pangunahing gampanin upang mapanatiling buo ang pamilya. Kapuwa mahalaga at pantay ang papel ng ama at ina sa kanilang tahanan. Magkatuwang dapat sila sa pagpapanatiling buo ng kanilang pamilya.

(Maaaring magkaroon ng iba-ibang sagot.)

GAWAIN II

PAHINA 33

1. Maling-mali talaga ang pagkalat ng fake news o hindi totoong balita sa social media. Inilalayo nito sa totoong impormasyon ang mga tao. Nakakalungkot ang pagdami ng nagpapakalat ng maling balita. Hindi nila ginagamit nang tama ang social media.
2. Lubos akong nanalig sa kahandaan ng pamahalaan sa pagharap sa nakahahawang sakit na Covid-19. Totoong hindi

madali ang lahat, subalit hindi sila tumitigil sa paghahanap ng solusyon upang maprotektahan ang mga mamamayan.

3. Nararapat lamang na ipagpatuloy ng pangulo ang pagpapatupad sa “War on Drugs” sa Pilipinas. Kaisa ako sa hangaring masugpo ang pagkalat ng bawal na droga. Talagang mahirap sugpuin ang problemang ito kaya bilib ako sa hindi pagtigil ng pangulo sa paglaban sa droga. (Maaaring magkaroon ng ibang sagot.)

(Maaaring magkaroon ng ibang sagot.)

ARALIN 3: PAGGAMIT NG PANDIWA BILANG AKSIYON, PANGYAYARI, AT KARANASAN

LINANGIN

GAWAIN II

PAHINA 45

1. Nagluto si Nanay ng almusal.
2. Umasa ang aking kuya dahil pinangakuan siya.
3. Sumidhi ang takot ko sa nakita kong aksidente.
4. Umalis kami sa dati naming tinitirhan dahil sa madalas na pagbaha.

Ang pagbuo at paglimbag ng modyul na ito ay naging posible dahil sa kooperasyon ng Asia Pacific College. Ito ay parte ng proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” ng opisina ng UNESCO, Jakarta kasama ang Kagawaran ng Edukasyon. Ang inisyatibong ito ay sinuportahan ng Korea International Cooperation Agency (KOICA) sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang pampinansiyal.

Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Kagawaran ng Edukasyon, Bureau of Learning Resources (DepEd BLR)

Office Address	:	Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600
Telefax	:	+63-2-8631-1072; +63-2-8634-1054; +63-2-8631-4985
Email Address	:	blr.qad@deped.gov.ph; blr.lrp@deped.gov.ph